The Road Out

# Ang Diyos laban sa mga Huwad

WEEK 2

## WARM-UP

- Naisip mo na bang magkaroon ng mas murang bersyon ng isang kilalang *brand*? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang isang bagay na sinisigurado mong hindi ka mauubusan?
- Mayroon bang titulo o posisyon na gustung-gusto mong makuha? Ano ang ginawa mo para maabot ito? Nakuha mo ba ito?

## WORD

15*"Kaya puntahan mo bukas ng umaga ang Faraon habang papunta siya sa Ilog Nilo. Dalhin mo ang baston na naging ahas at makipagkita ka sa kanya sa pampang ng ilog.*
16*Sabihin mo sa kanya, 'Inutusan po ako ng Panginoon, ang Diyos ng mga Hebreo, na sabihin ito sa inyo: Paalisin mo ang mamamayan ko para makasamba sila sa akin sa ilang. Pero hanggang ngayon, hindi mo ito sinusunod.*
17*Ako, ang Panginoon ay nagsasabing, sa pamamagitan ng gagawin ko, malalaman mo na ako ang Panginoon. Sa pamamagitan ng bastong ito, hahampasin ko ang tubig ng Nilo at magiging dugo ang tubig.'"* **EXODUS 7:15–17**

(Basahin din ang **EXODUS 7:18–19**; aralin ang **EXODUS 7:20–8:19**.)

Ang layunin ng mga himalang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng sampung salot sa Egipto ay para maipakita ang kapangyarihan Niya sa Israel at Egipto, at para patunayan sa kanila na iisa lamang ang tunay na Diyos. Bago ang bawat salot, sinabihan ng Diyos ang Faraon sa pamamagitan ni Moises na *"Paalisin mo ang mga mamamayan ko."* Gusto ng Diyos na iwan ng Kanyang mga mamamayan ang pang-aapi na dinanas nila para maipamuhay nila ang mga plano at pangako Niya para sa kanila. Nilinaw ng Diyos na ang mga salot ay ipapadala dahil sa pagsuway ng Faraon. Ang mga ito ang unang tatlong salot: naging dugo ang tubig sa Ilog Nilo,

napuno ng mga palaka ang Egipto at pumasok ang mga ito sa mga bahay nila, at binalot ng mga lamok ang buong Egipto. Ngayon, titingnan natin kung ano ang matututunan natin sa unang tatlong salot na naminsala sa Egipto.

## 1 May posibilidad na umasa ang tao sa mga huwad na diyos-diyosan at idolo.

*[21]Namatay ang mga isda at bumaho ang ilog, kaya hindi nakainom ang mga Egipcio. Naging dugo ang lahat ng tubig sa Egipto. [22]Nagawa rin ito ng mga Egipciong salamangkero sa pamamagitan ng kanilang salamangka, kaya nagmatigas pa rin ang puso ng Faraon. Hindi pa rin siya nakinig kila Moises at Aaron, gaya ng sinabi ng PANGINOON.* **EXODUS 7:21–22**

Sa unang salot, pinatamaan ng Diyos ang pagmamataas at kaligayahan ng Egipto—ang Ilog Nilo. Ang ilog ang pinagkukunan ng kabuhayan ng Egipto, dito dumadaan ang mga kalakal, inuming tubig, pagkain, at marami pang iba. Ito rin ang pangunahing pinagmumulan ng seguridad at pagkakakilanlan nila. Sa katunayan, marami silang sinasambang diyos-diyosan na pinaniniwalaan nilang konektado sa Nilo. Alam man natin o hindi, maaaring tayo rin ay may mga huwad na diyos. Maaaring ang mga ito ay bagay o tao na ipinapalit natin sa Diyos, pinaglalaanan natin ng tiwala at pinagkukunan ng seguridad at pagkakakilanlan. Ano madalas na nagiging huwad na diyos ng mga tao? Naranasan mo na rin ba ito noon? Paano mo ito ipinasakop sa Diyos?

## 2 Iisa lamang ang tunay na Diyos.

*[18]Tinangka rin ng mga salamangkero na gayahin ito sa pamamagitan ng kanilang salamangka pero nabigo sila. Patuloy na nagsidapo ang mga lamok sa mga tao at mga hayop. [19]Sinabi ng mga salamangkero sa Faraon, "Ang Diyos ang may gawa nito!" Pero matigas pa rin ang puso ng Faraon, at hindi siya nakinig kina Moises at Aaron, gaya ng sinabi ng PANGINOON.* **EXODUS 8:18–19**

Sa kalaunan, nabigo ang mga salamangkero ng Egipto na gayahin ang mga salot na dinala ng Diyos para mapinsala ang Egipto. Nagawa nilang dugo ang tubig at napalabas ang mga palaka, pero hindi nila magaya ang salot ng mga lamok, at inamin nila sa Faraon na *ang Diyos ang may gawa nito* (Exodus 8:19). Walang sinuman ang makakagaya sa kapangyarihan ng nag-iisang tunay na Diyos. Walang ibang diyos na maihahalintulad sa Kanya. Siya lamang ang nag-iisang pinagkukunan ng buhay, seguridad, at halaga na hindi tayo bibiguin. Balikan ang panahong naghanap ka ng ibang mapagkukunan ng seguridad o kahalagahan? Paano mo naunawaan na ang Diyos lamang ang makapagbibigay nito?

## APPLICATION

- Anu-ano ang iba't iba mong pinagkukunan ng buhay (trabaho, relasyon, atbp.)? Paano ka humantong sa puntong ipinasakop mo ang mga ito sa Diyos?
- Sa tingin mo, ano ang mga huwad na diyos-diyosan na sinasandalan mo para magkaroon ka ng seguridad at kahalagahan (*social media*, pag-aalaga sa sarili, atbp.)? Ano ang mga hakbang na maaari mong simulan para makita ang mga ito sa tamang pananaw?
- Ano ang isang bagay na magagawa mo para ituon ang pagsamba mo sa Diyos sa bawat araw? Paano mo mahihikayat ang iba na gawin din ito?

## PRAYER

- Ipanalangin na maipasakop mo sa Diyos nang may pagpapakumbaba at pagtitiwala ang anumang pinagkukunan mo ng buhay.
- Hingin sa Diyos ang biyaya upang sa bawat araw ay magawa mong umasa nang ganap sa Kanya lamang para sa iyong seguridad at pagkakakilanlan.
- Ipanalangin na lagi mong maalala na dakila ang kapangyarihan ng Diyos, mahal ka Niya, at may plano Siya para sa iyo. Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos kung sino ang kailangang makarinig ng katotohanang ito ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Ruth Suson-Gloria, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph